Ontario Health
Cancer Care Ontario

Mga Block ng Nilalaman sa Newsletter

Gamitin at iakma ang nasa ibaba para sa nilalaman sa mga newsletter, mga email blast sa mga pasyente/publiko, o para sa mga website

Mga Rekomendasyon sa Pamagat

Kahalagahan ng screening para sa kanser
Pagpapasuri kung may kanser
Pananatiling updated sa inyong screening para sa kanser

100 salita o mas kaunti

Mahalagang manatiling updated sa inyong kalusugan. Ang screening para sa kanser ay pagsusuring ginagawa sa mga tao na nanganganib na magkaroon ng kanser, ngunit walang sintomas at karaniwang mabuti ang pakiramdam. Mahalaga ang regular na screening dahil makikita nito nang maaga ang kanser kapag ang paggamot ay may mas magandang tsansa na gumana o makatulong na maiwasan ng mga tao ang pagkakaroon ng ilang kanser.

Makipag-usap sa doktor o nurse practitioner ng inyong pamilya tungkol sa kung aling (mga) screening test ang mainam para sa inyo. Kung wala kayong doktor o nurse practitioner ng pamilya, maaari kayong tumawag sa Health Connect Ontario sa 811 (TTY: 1-866-797-0007) o bumisita dito.

150 salita o mas kaunti

Mahalagang manatiling updated sa inyong kalusugan. Mahalaga ang regular na screening dahil makikita nito nang maaga ang kanser kapag ang paggamot ay may mas magandang tsansa na gumana o makatulong na maiwasan ng mga tao ang pagkakaroon ng ilang kanser. Ang screening para sa kanser ay pagsusuring ginagawa sa mga tao na nanganganib na magkaroon ng kanser, ngunit walang sintomas at karaniwang mabuti ang pakiramdam. Makipag-usap sa doktor o nurse practitioner ng inyong pamilya tungkol sa kung sa aling mga screening test kayo kwalipikado. Kung wala kayong doktor o nurse practitioner ng pamilya, maaari kayong tumawag sa Health Connect Ontario sa 811 (TTY: 1-866-797-0007) o bumisita sa dito.

Ang Ontario ay may apat na programa sa screening para sa kanser: Ontario Breast Screening Program, Ontario Cervical Screening Program, ColonCancerCheck at ang Ontario Lung Screening Program.

200 salita o mas kaunti

Ang screening para sa kanser ay pagsusuring ginagawa sa mga tao na nanganganib na magkaroon ng kanser, ngunit walang sintomas at karaniwang mabuti ang pakiramdam. Mahalaga ang regular na screening dahil makikita nito nang maaga ang kanser kapag ang paggamot ay may mas magandang tsansa na gumana o makatulong na maiwasan ng mga tao ang pagkakaroon ng ilang kanser.

Screening sa Cervix

- Ang sinumang may cervix na sekswal na aktibo o naging sekswal na aktibo ay maaaring magkaroon ng kanser sa cervix. Sinusuri ng screening test sa cervix ang mga palatandaan ng kanser bago ito magsimula
- Makipag-usap sa inyong doktor, nurse practitioner, o kumadrona tungkol sa pagpapasuri sa pamamagitan ng isang test upang makatulong na maiwasan ang kanser sa cervix*

Screening para sa Kanser sa Suso

- Kung kayo ay 50 taong gulang pataas, makipag-usap sa doktor o nurse practitioner ng inyong pamilya tungkol sa inyong kalusugan ng suso at mga opsyon sa screening test*

ColonCancerCheck

- Ang mga tao na 50 hanggang 74 na taong gulang ay dapat magpasuri kung may kanser sa colon, kahit na walang sinuman sa pamilya nila ang nagkaroon ng ganitong sakit
- Makipag-usap sa doktor o nurse practitioner ng inyong pamilya tungkol sa kung paano makuha ang inyong libreng test sa bahay upang masuri kung may kanser sa colon*

* Kung wala kayong doktor o nurse practitioner ng pamilya, maaari kayong tumawag sa Health Connect Ontario sa 811 (TTY: 1-866-797-0007) o bumisita dito.

250 salita o mas kaunti- Pagiging Kwalipikado sa Screening

Pagiging Kwalipikado sa Screening Para sa Kanser ng Ontario

Ontario Cervical Screening Program

- Sa kasalukuyan, inirerekomenda ng Ontario Cervical Screening Program na ang sinumang may cervix na sekswal na aktibo o naging sekswal na aktibo ay magkaroon ng screening test sa cervix bawat 3 taon mula 21 taong gulang. Gayunpaman, ipinoproseso namin ang pag-update sa rekomendasyong ito. Kung kayo ay wala pang 25 taong gulang, makipag-usap sa doktor, nurse practitioner, o kumadrona ng inyong pamilya tungkol sa kung dapat kayong maghintay hanggang 25 taong gulang bago simulan ang screening sa cervix*.

ColonCancerCheck

- Ang mga tao na 50 hanggang 74 na taong gulang ay dapat magpasuri kung may kanser sa colon, kahit na walang sinuman sa pamilya nilaang nagkaroon ng ganitong sakit. Upang masuri para sa kanser sa colon, makipag-usap sa doktor o nurse practitioner ng inyong pamilya upang matukoy kung aling screening test ang pinakamainam para sa inyo*. Kung kwalipikado, makakatanggap kayo ng libreng test sa bahay na tinatawag na fecal immunochemical test (FIT) na ipapadala sa pinili ninyong address.

Ontario Breast Screening Program

- Kung kayo ay 50 hanggang 74 na taong gulang, inirerekomenda ng Ontario Breast Screening Program (OBSP) na magpasuri bawat 2 taon sa pamamagitan ng mammogram ang karamihan sa mga tao sa inyong grupo ng edad.
- Kung kayo ay 30 hanggang 69 na taong gulang at nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado sa OBSP para sa Mataas na Panganib, inirerekomenda ng programa na magpasuri kayo sa pamamagitan ng mammogram at magnetic resonance imaging (MRI) ng suso (o screening sa pamamagitan ng ultrasound sa suso kung hindi medikal na naaangkop ang MRI) nang isang beses sa isang taon
- Kung kayo ay 30 hanggang 69 na taong gulang at sa tingin ninyo ay maaaring nasa mataas na panganib kayo na magkaroon ng kanser sa suso batay sa inyong personal na kasaysayan o kasaysayan ng pamilya, dapat kayong makipag-usap sa doktor o nurse practitioner ng inyong pamilya*.

*Kung wala kayong doktor o nurse practitioner ng pamilya, maaari kayong tumawag sa Health Connect Ontario sa 811 (TTY: 1-866-797-0007) o bumisita dito.